PATHWAYS into UNISON

Ang “Pathways into UNISON” ay libreng kurso na binuo ng Learning and Organising Services (LAOS) at ng Migrant Workers’ Unit ng UNISON.

Ang kurso ay ginawa upang ma-engganyo at masuportahan ang mga migranteng manggagawa na maging mas aktibo sa unyon.

Mga usaping pag-aaralan sa kurso:

- Pagkakampanya, pag-rerepresenta at pag-oorganisa
- Paano magiging mas aktibo sa union
- Istruktura ng unyon
- Pagharap sa mga isyu sa trabaho
- Pagpapaplano ng mga aksiyon

Ang gastos sa pamasahe ay babayaran ng UNISON. May limitado rin tulong para sa gastos sa pag-aalaga ng mga bata. Sabihin lang agad kung may pangangailangan kayo sa usaping ito.

Ito ay dalawang araw na kurso na idadaos sa inyong rehiyon at maaring mangailangan ng pagtigil ng isa o dalawang gabi sa lugar na pagdarausan ng kurso.

Tumawag lamang sa amin upang dumalo sa bagong inisiyatibang ito para sa mga migranteng manggagawa.

Susan Cueva
s.cueva@unison.co.uk
telephone: 0207 5511 676

Adam Rogalewski
a.rogalewski@unison.co.uk
telephone: 0207 5511 480

Komentaryo ni Arthur:

*Ako ay bagong miyembro ng UNISON. Wala akong masyadong alam sa uyon at kung ano ang aking papel bilang miyembro. Hindi ko alam ang pagkakaiba ng shop steward o representatibo bilang health and safety. Ni hindi ko alam kung nasaan ang aking branch. Ang alam ko lang ay nagbibigay ang UNISON ng libreng kurso sa pag-aaral ng English kung saan ngayon ay kabilang ako. Sa simula ay medyo takot ako dahil unang kurso ko ito pero paglipas ng dalawang minuto, nakita ko na lahat ng mga dumalong migrante ay mabait at ang mga tutor ay matulungin kaya para na rin akong nag-aaral sa aking bansa. Dahil sa kursong ito, alam ko na kung sino ang dapat kong kausapin sa UNISON. Tumawag ako sa aking branch para sabihin na gusto kong mag-aral ng kurso para sa mga representatibo ng health and safety dahil mahalaga ito sa aking gawain. Mayroon din akong mentor na kasama ko sa aking gawain at nakakatulong sa akin ano mang oras. Irerekomenda ko ang kursong ito sa mga taong gusto matuto at maging aktibo sa unyon.*